# Tungkol sa Vaccine Passport

Mula ika-26 ng Hulyo ng taon 2021, ang mga nabakunahan na laban sa impeksiyon ng Corona Virus na may tiket ng pagbabakuna na inisyu ng Lungsod ng Fuji ay maaaring mag- apply ng Sertipiko ng pagbabakuna （ Vaccine Passport ） kung sakaling maglalakbay o nagpaplanong maglakbay sa ibang bansa。

Subalit, hindi mabibigyan ang mga walang planong maglakbay sa ibang bansa.

Bilang karagdagan, hindi maaaring mag- apply ng Vaccine Passport kung sakaling ang tiket o ang pagbabakuna ay mula sa ibang Munisipalidad. Mag- apply sa Munisipalidad ng inyong Lungsod.

Para sa mga mangangailangan ng Vaccine Passport, sundin lamang ang mga sumusunod at ipadala sa nakasaad na Contact Address ang mga kakailanganing dokumento.

Matapos ang pag- aapply, ipapadala ang Vaccine Passport sa pamamagitan ng inyong inilakip na self addressed envelope. Ipinapaalala lamang na maaaring tumagal ng ilang araw mula sa araw ng aplikasyon hanggang sa pagtanggap.

## Tinutukoy na tao

Mga nabakunahan na may tiket ng pagbabakuna na inisyu ng Lungsod ng Fuji at nalalapit na ang planong maglakbay sa ibang bansa.

※Ang aplikasyon ay tatanggapin sa Munisipalidad kung saan ibinigay ang Residence Certificate noong natanggap ang pagbabakuna. .

※Para sa mga lumipat ng tirahan at tumanggap ng una at pangalawang bakuna sa magkaibang Munisipyo, mag- apply sa parehong Munisipalidad kung saan tumanggap ng bakuna dala ang inyong tiket para sa bawat lugar.

## Kailangang dokumento

1 Application Form para sa Corona Virus Vaccination Certificate.

2 Kopya ng pahina ng pagkakakilanlan ng inyong pasaporte.

3 Kopya ng Sertipiko ng pagbabakuna o kopya ng Sertipiko ng Record ng pagbabakuna.

Kung sakaling nawala ang 3, isulat kung saan isinagawa gayundin ang petsa at oras ng pagbabakuna.

4 Self Addressed Envelope ( isulat ang inyong pangalan at tirahan at idikit ang selyo na may halagang 84 yen.)

Kung ibang tao ( proxy o ahente ) ang mag- aapply para sa inyo, kakailanganin ang 1 at 2 sa ibaba kasama ng mga dokumento na nakasaad sa itaas.

1 Dokumento na nagpapatunay sa kapangyarihan ng isang abugado ( SPA/ Special Power of Attorney ) o dokumento ng kwalipikasyon ng isang legal na representate.

2 Kopya ng ID o pagkakakilanlan ng proxy o ahente ( Drivers License, Health Card at iba pa )

## Halaga ng Proseso

Pansamantala ay walang bayad

## Makipag-ugnay sa

Fuji City Hall "*Kenkou Seisaku Ka*" Corona Virus Vaccine person- in -charge
Address: Fuji City Philanse 〒416-0906 Moto Ichiba Fuji City 432-1
Telepono： 0545-64-9026
FAX: 0545-64-7172
Mail address: fujishi-vaccine@ex.city.fuji.shizuoka.jp